Republic of the Philippines
PROVINCE OF CAVITE
City of Bacoor

Office of the Sangguniang Panlungsod
Received by: Jenet Pring
Date: 04/02/2024
Time: 10:50 am

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

## COMMITTEE ON ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES

# COMMITTEE REPORT

NO. ENR 026-S-2024

---

Subject: ***ORDINANSANG NAGBABAWAL SA PAGKAKALAT AT HINDI TAMANG PAMAMARAAN NG PAGTATAPON NG BASURA SA BARANGAY MOLINO IV. (PNOA 342-2024 dated March 12, 2024***

---

Sa ginanap na ika 84th Regular Session ng mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod sa ganap na 10:00 ng Umaga, noong ika 25 ng Marso 2024. Presiding Officer Vice Mayor Hon. Rowena Bautista-Mendiola isinangguni ang paksa kay Chairperson ng Environment and Natural Resources Hon. Levy M. Tela.

Hon. Tela, Ang kalinisan sa ating paligid ay napakahalaga lalo na sa ating kalusugan, at ang pagtatapon ng basura kung saan-saan ang sanhi ng pagbaha. Dapat lamang na pangalagahan ang ating kapaligiran.

**KAPASIYAHAN:**

Ang RA 9003 o Ecological Solid Waste Management Act of 2000 ay nagsasaad ng mga alintuntunin sa wastong pamamahala ng basura, pagpapalaganap ng kaalaman sa wastong paggamit ng likas-yaman at pagpapatupad ng mga programang nakatuon sa pakikiisa ng bawat mamamayan upang mabawasan ang basurang agad lamang tinatapon.

Nakapaloob din dito ang pagpapatupad ng batas sa ating Lokal na Pamahalaan sa tulong ng mga Barangay na nasasakupan ukol sa pagbubukod ng basura sa pinagmulan nito, maging ang pagtatalaga ng mga pasilidad para sa natirang basura at mga special waste.

Ang hindi tamang pamamaraan ng pagtatapon ng basura ng bawat kabahayan, industriyal at pang negosyong mga establisyimento, maging ang pagkakalat sa pamamagitan ng pagtatapon ng mga maliliit na basura kung saan saan ay maaaring magresulta sa di kanais-nais na kapaligiran at pagkalat ng ba't ibang klaseng sakit mula dito.

| **MGA KAUKULANG PAGPAPARUSA at MULTA** | |
|---|---|
| Pagsita at Pagsasabihan | sino mang mahuling nagkakalat, sa mga pampublikong lugar |
| Unang Paglabag | Php 250.00 o community service na walang bayad na gagawin sa kabuuang Apat (4) na Oras |
| Ikalawang Paglabag | Php 500.00 o community service na walang bayad na gagawin sa kabuuang Walong (8) Oras |

Republic of the Philippines
PROVINCE OF CAVITE
City of Bacoor

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

| | |
|---|---|
| Ikatlong Paglabag | Php750.00 o community service na walang bayad na gagawin sa kabuuang Labing-Dalawang (12) Oras |
| Makailang Beses Paglabag | I-eendorso na sa CESD at maaaring sampahan ng kaso base sa bigat ng paglabag |

**REKOMENDASYON:**

Ang pag mumungkahi sa **PAGPASA** ng "ORDINANSANG NAGBABAWAL SA PAGKAKALAT AT HINDI TAMANG PAMAMARAAN NG PAGTATAPON NG BASURA SA BARANGAY MOLINO IV", alinsunod sa rekomendasyon ng Kumite ng Kapaligiran at Likas na Kayamanan.

**SA PAMAMAGITAN NITO PINAPATUNAYAN** namin ang mga nilalaman ng ulat na ito ay totoo at tama.

Nilagdaan ngayong ika-1 ng Abril 2024 Lungsod ng Bacoor, Lalawigan ng Cavite.

COMMITTEE ON ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES

**COUN. LEVY M. TELA**
*Chairman*

**COUN. REYNALDO M. FABIAN**
*Vice Chairman*

**COUN. REYNALDO D. PALABRICA**
*Member*

**COUN. ADRIELITO G. GAWARAN**
*Member*

Republic of the Philippines
PROVINCE OF CAVITE
City of Bacoor

Office of the Sangguniang Panlungsod
Received by: Jenet Pring
Date: 04/02/2024
Time: 10:40 am

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

## COMMITTEE ON ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES

# EXCERPT FROM THE MINUTES OF THE 84TH REGULAR SESSION

NO. ENR 024-S-2024

---

Subject: ***PAGSUPORTA AT PAGPAPATIBAY NG BARANGAY LIGAS 2 PARA SA KAPASIYAHAN MULA SA LUNGSOD NG BACOOR PARA SA PAGBABAWAL NG PAGTAPON NG BASURA AT PAGKAKALAT KUNG SAAN-SAANG LUGAR. (PNOA 318-2024 dated March 12, 2024).***

---

Sa ginanap na ika- 84th Regular Session ng mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod, sa ganap na 10:00 ng umaga, noong 25 ng Marso 2024. Presiding Officer Vice Mayor Hon. Rowena Bautista-Mendiola, isinangguni ang paksa kay Chairperson ng Environment and Natural Resources Hon. Levy M. Tela.

Sinabi ni Hon. Tela, na kailangang isagawa at ipatupad ang nabanggit na paksa Para sa ikagaganda ng kapaligiran, sa magandang kalusugan ng mamamayan, at para maiwasan ang pagbaha.

Para sa kamalayan ng nasabing mga barangay, makakatulong din ito sa para maging matatag at matigil na ang pagtatapon ng basura sa labas ng kanilang mga residente at establisyimento.

Prepared By:

**ELENA B. SOMBRANO**
Clerk

Attested By:

**COUN. LEVY M. TELA**
*Chairman*

PNOA 342-2024 – ORDINANSANG PAMBARANGAY BILANG 2024-001: ORDINANSANG NAGBABAWAL SA PAGKAKALAT AT HINDI TAMANG PAMAMARAAN NG PAGTATAPON NG BASURA SA BARANGAY MOLINO IV.

*Republic of the Philippines*
*Province of Cavite*
*CITY OF BACOOR*

*BARANGAY MOLINO IV*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SAGGUNIANG BARANGAY NG MOLINO IV NA GINANAP SA BAHAY PULUNGAN, DUPLEX HOMES, BARANGAY MOLINO IV, SIYUDAD NG BACOOR, LALAWIGAN NG KABITE NOONG IKA 13 NG PEBRERO 2024 SA GANAP NA ALAS 9 NG UMAGA.

Presente

Punong Barangay Jeffrey P. Campaña
Kgd. Jerry R. Sapanghila
Kgd. Wilfredo V. Taring
Kgd. Yolanda Sarte-Jocson
Kgd. Rizaldy S. Remulla
Kgd. Efren B. Arcos
Kgd. Teofilo T. Rendal Jr.

Iba pang Presente.

Kalihim Sofia M. Pardo

Di nakadalo dahil may sakit:

Kgd. Lourdes L. Cas
SK Chairperson Palm Angel S. Buncio

ORDINANSANG PAMBARANGAY BILANG 2024-001

## ORDINANSANG NAGBABAWAL SA PAGKAKALAT AT HINDI TAMANG PAMAMARAAN NG PAGTATAPON NG BASURA SA BARANGAY MOLINO IV

**SAPAGKAT** isa sa layunin ng Barangay Molino IV ay ang maprotektahan, mapangalagaan at mapanatiling malinis at kaaya-aya ang kapaligiran;

SCAN ME

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD
RECEIVED
BY: RUTH
DATE: 3/15/2024 TIME: 2:24pm
BACOOR CITY CAVITE

BACK

Republic of the Philippines
Province of Cavite
CITY OF BACOOR

BARANGAY MOLINO IV

**SAPAGKAT** responsibilidad ng Barangay na epektibo at istriktong maimplementa ang *Ecological Solid Waste System* sa ilalim ng Republic Act No. 9003 sa lahat ng nasasakupan nito;

**SAPAGKAT** ayon sa Seksyon 16 ng Kodigo ng Lokal na Pamahalaan ng 1991:

> *"Seksyon 16. Pangkalahatang Kagalingan (General Welfare) - Ang bawat yunit ng lokal na pamahalaan ay gagamit ng mga kapangyarihan na hayagang ipinagkaloob, yaong mga ipinapalagay na mahalaga, tulad ng mga kapangyarihang kailangan, angkop o kailangan para sa mahusay at mabisang pamamahala, at yaong kung saan ay mahalaga sa pagtataguyod ng pangkalahatang kagalingan. Sa naloloob an ng kani-kanilang teritoryong nasasakupan, seseguruhin at susuportahan ng mga yunit ng lokal na pamahalaan, sa iba pang mga bagay, ang pangangalaga at pagpapayaman ng kultura, pagtataguyod ng kalusugan at kaligtasan, pagdaragdag ng karapatan ng mga tao sa isang balansiyadong ekolohiya, paghikayat at pagsuporta sa pagpapaunlad ng angkop at sariling kakayahang pangteknolohiya, pagtataas ng antas ng moralidad ng publiko, pagpapaunlad ng ekonomiya at katarungan panlipunan, pagtataguyod ng pagkakataon sa paghahanapbuhay ng mga mamamayan nito, pangangalaga ng Kapayapaan at katiwasayan at pagpapanatili ng kaginhawahan at kasiyahan ng kanilang mga mamamayan."*;

**SAPAGKAT** ang hindi tamang pamamaraan ng pagtatapon ng basura ng bawat kabahayan, industriyal at pang negosyong mga establisyimento, maging ang pagkakalat sa pamamagitan ng pagtatapon ng mga maliliit na basura kung saan saan ay maaaring magresulta sa di kanais-nais na kapaligiran at pagkalat ng iba't ibang klaseng sakit mula dito;

**SAPAGKAT** ang pagsasagawa ng tamang pamamaraan ng paghihiwalay ng basura kabilang na dito ang pagtukoy sa pag gamit muli sa ibang paraan ng mga bagay na itinuturing na basura na o '*reuse*' at ang pagbuo ng mga bagong bagay o produkto mula sa mga lumang gamit o bagay o pag '*recycle*';

SCAN ME

BACK

Republic of the Philippines
Province of Cavite
CITY OF BACOOR

*BARANGAY MOLINO IV*

**SAPAGKAT** sa pamamagitan nito ay bababa ang dami ng koleksyon at bilang ng itatapong basura na maaaring magpanatili sa likas na yaman ng mga materyales at iwasan ang maaksayang pagkonsumo ng mga bagay na maaaring maging kalakal;

**SAPAGKAT** nais tukuyin ng ordinansang ito na ang pangunahing tao na may pananagutan sa paglabag nito ay ang mismong mga may-ari ng kabahayan at industriyal o pang negosyong establisyimento kasama na ang mga tao na makikita at mahuhuling nagkakalat at nagtatapon ng basura sa mga pampublikong lugar at lansangan na sakop ng Barangay Molino IV at sa iba pang lugar na nakasaad sa ordinansang ito;

**SAPAGKAT** ang mga ito ay nararapat na maging responsable sa pamamaraan ng pagtatapon ng basura at sundin ang ordinansang ito na nagtatakda ng mga sumusunod:

**ARTIKULO I.**

ANG ORDINANSA

Ang Ordinansang ito ay marapat na kilalanin bilang: ***"ORDINANSA SA BASURA"*** ng Barangay Molino IV.

**ARTIKULO II.**

SAKLAW NG ORDINANSA

Ang Ordinansang ito ay naglalaman ng mga patakarang sumasakop sa lahat ng kabahayan, pang negosyong establisyimento tulad ng mga: restawran, karinderia, mall, department stores, groceries, sari-sari stores, auto repair shops, institusyon tulad ng: ospital, paaralan, simbahan, pampubliko at pribadong mga opisina o tanggapan, industriyal na establisyimento, at mga lugar na agrikultural na nasasaklawan ng Barangay Molino IV.

Saklaw din ng Ordinansang ito ang mga indibidwal na nagtatapon ng kalat o *small litter wastes* sa mga lansangan, tabing kalsada o *sidewalk* o sa iba pang pampublikong lugar, kasama na ang loob ng mga istruktura, establiyimento, bulwagan ng Barangay Molino IV at maging sa loob ng mga pampublikong sasakyan: tricycle, jeep, multicab at sa mga sasakyan ng barangay.

SCAN ME

BACK

Republic of the Philippines
Province of Cavite
CITY OF BACOOR

*BARANGAY MOLINO IV*

**ARTIKULO III.**

MGA AWTORIDAD, LAYUNIN AT PANUKALA

SEKSYON 1. **Awtoridad.** Ang Ordinansang ito ay ipinasa upang iimplementa ang mga umiiral na batas sa ilalim ng Republic Act 9003 na nagbibigay mandato sa mga tamang pamamaraan ng paghihiwa-hiwalay at pagkolekta ng basura.

SEKSYON 2. **Layunin.** Ang Ordinansang ito ay ipinasa dahil sa mga sumusunod:

a) Gabayan, ayusin at kontrolin ang pagbuo ng sistema ng tamang pagtatapon ng basura at isulong ang maayos at pangkalinisang gawain o pamamaraan nito;

b) Pagandahin ang kapaligiran sa pamamagitan ng pagkontrol, pag-iwas o pagpapagaan ng maaaring maging negatibong epekto ng basura sa kapaligiran;

K) Pagsulong at pagprotekta sa pangkalusugang kaligtasan, kapayapaan at kaginhawaan ng pangkalahatang kagalingan ng mga naninirahan sa Barangay;

c) Pababain ang bilang ng mga nakokolektang basura at pagtaas ng bilang ng mga basurang maaari pang mapakinabangan o gawing bagong bagay sa pamamagitan ng:

- I-maximize ang pag gamit ng produkto at pagkonsumo ng pagkain;
- Pagkakaroon ng mga programa o proyektong nagpapakita ng kahalagahan ng pag-rerecycle at pag-reuse ng mga basurang maaari pang mapakinabangan;
- Paghikayat sa bawat residente na magkaroon ng *composting area* sa loob ng kanilang bakuran;
- Paghikayat sa mga opisyales ng *Homeowners Association* ng bawat subdibisyon na magkaroon ng programa o tamang pamamaraan ng pagkolekta ng basura at paglalagay probisyon para sa pagtatayo ng isang *Material Recovery System* at *Composting Area* para sa mga nasasakupan nilang residente na walang bakuran.

SEKSYON 3. **Panukala.** Ang mga Panukala ng Ordinansang ito ay ginawa upang magkaroon ng mga sumusunod:

a) Magkaroon ng palagiang kalinisan ng kapaligiran sa pamamagitan ng maayos na sistema sa pagtatapon ng basura.

SCAN ME

BACK

Republic of the Philippines
Province of Cavite
CITY OF BACOOR

*BARANGAY MOLINO IV*

b) Mawala ang mga hindi kanais-nais tingnan, tambak na basura at kalat sa mga pribado at pampublikong kalsada, lugar at bakanteng espasyo o lupa;

k) Mapababa ang polusyon na resulta ng nakakapaminsalang usok at amoy mula sa iligal na pagtatapon at pagsusunog ng basura, mga basura o mga mapanganib na likido o kemikal na maaaring makakontamina sa tubig at iba pa na maaaring maging sanhi ng polusyon.

**ARTIKULO IV.**

KAHULUGAN NG MGA TERMINONG GINAMIT

SEKSYON 4. **Mga terminong ginamit.** Ang mga terminong ginamit sa Ordinansang ito ay may sumusunod na kahulugan:

**Biodegradable** ito ay uri ng basura na nabubulok. Ito ay ginagamit bilang pataba sa lupa. Ang ilan sa mga halimbawa ng mga nabubulok na mga bagay ay mga dahon, balat ng prutas, tirang pagkain at dumi ng mga hayop.

**Composting Area** - ay isang malalim na hukay o bakanteng lote kung saan pinagsasama-sama ang mga nabubulok na basura katulad ng dumi ng hayop, dahon, balat ng prutas, damo at iba pa.

**Community Service** - ay ang paglilingkod sa pamayanan na walang kapalit na bayad o monetaryong salapi na isinasagawa ng isang indibidwal para sa benepisyo at ikagaganda ng komunidad.

**Material Recovery Facility** - ito ay lugar kung saan inilalagay ang mga nakolektang nabubulok na basura upang gawing pataba ng lupa at mga di nabubulok na mga basura upang buuin ito at gawing bago muli sa pamamagitan ng mga makinerya nakalagay sa loob ng naturang pasilidad.

**Material Recovery System** - ay lugar kung saan pansamantalang nilalagak ang mga nakolektang basura na maaari pang muling gamitin o buuin upang magamit pa at mapakinabangang muli.

SCAN ME

BACK

**Open Burning** - ay ang pagsusunog ng mga basura o mas kilala sa tagalog bilang pagsisiga.

**Open Dumping** - ay ang pagtatapon ng basura sa isang lugar na walang konsiderasyon sa magiging epekto at sanhi nito sa kapaligiran at kalusugan ng mga mamamayan.

**Recycle** - ito ay tumutukoy sa mga lumang gamit o basura na ginagawang bagong bagay na maaaring mapakinabangan lalo na't kung pwedeng pagkaperahan. Tulad ng reuse, ang mga basurang di nabubulok ang kadalasang nire-recycle. Halimbawa nito ay mga produktong gawa sa papel, at mga plastik na materyales na ginagamit na materyales para maging upuan o iba't ibang klase ng lalagyan.

**Reuse** - ito ay tumutukoy sa paggamit muli sa ibang paraan ng mga bagay na itinuturing na basura na. Kadalasan, ang mga bagay na nire-reuse ay ang mga basurang di nabubulok tulad na lamang ng mga plastic na bote, mga lumang damit, mga goma at mga babasagin. Isang halimbawa ay ang paggamit ng mga lumang damit bilang basahan.

**Small Litter Wastes** - ito ay mga maliliit na basura na kadalasang inihahagis at itinatapon sa kung saan saan tulad ng: plastik ng kendi, upos ng sigarilyo, tissue paper, papel, plastik, bote at iba pa.

**Solid Waste Management** - ay isang pamamaraan na may layuning bumuo ng isang malawakang programa upang mapabuti ang pagtugon sa mga suliraning pang kalikasan kaugnay sa tamang pamamahala ng mga basura.

**ARTIKULO V.**

MGA IPINAGBABAWAL AT ANG KAUKULANG KAPARUSAHAN AT MULTA

SEKSYON 5. **Mga Ipinagbabawal.** Mahigpit na ipinagbabawal ang mga sumusunod:

a) Pagkakalat, paghagis at hindi tamang pagtapon ng basura, kasama na ang mga maliliit na basura o *small litter wastes*, sa mga pampublikong lugar tulad ng mga kalsada, *sidewalk*, canal, estero, parke, mga establisyimento, opisina, bulwagan ng barangay at sa mga bakanteng lupa o lote;

SCAN ME

STRIKE AS 1

BACK

*Republic of the Philippines*
*Province of Cavite*
*CITY OF BACOOR*

*BARANGAY MOLINO IV*

b) *Open Burning* o pagsusunog ng *biodegradable* at *non-biodegradable wastes* o nabubulok at di-nabubulok na mga basura;

k) *Open Dumping* o ang pagtatapon, pagbabaon ng mga nabubulok at di-nabubulok na basura sa mga ilog, kanal, sapa at mga mabababang lugar na maaaring bahain.

d) Iligal na pagkarga at pagtapon ng mga nakolektang mga basura mula sa residensyal, industriyal, komersyal at institusyonal na lugar upang itapon ito sa ibang lugar, maliban sa mga pasilidad na mayroong probisyon ng pagtatapunan ng basura, at sa iba pa na nakasaad sa ordinansang ito

e) Paglalagay ng isang *dumpsite* o malawak na tapunan ng basura na malapit sa ilog, kanal, sapa at mga mabababang lugar na maaaring bahain o saan mang lugar na hindi awtorisadong gawing *dumpsite* o walang permiso mula sa Lokal na Pamahalaan at ng Barangay.

g) Pangongolekta ng mga basurang hindi maayos na pinaghiwa-hiwalay ang nabubulok at mga di-nabubulok.

h) Pagsasagawa, pagkolekta, pagsakay at pagtapon ng mga nakakapaminsalang mga basura na walang katibayan ng pagpayag o permiso mula sa Lokal na Pamahalaan at ng Barangay.

SEKSYON 6. **Mga Kaukulang Kaparusahan at Multa.** Ang paglabag sa mga nabanggit sa naunang Seksyon ay may sumusunod na kaukulang kaparusahan at multa:

a) **Pagsita at Pagsasabihan.** Ang sino mang mahuling nagkakalat, naghagis at hindi tamang nagtapon ng basura, kasama na ang mga maliliit na basura o *small litter wastes*, sa mga pampublikong lugar tulad ng mga kalsada, *sidewalk*, canal, estero, parke, mga establisyimento, opisina, bulwagan ng barangay at sa mga bakanteng lupa o lote, na nakasaad sa talata a) ng Artikulo V, Seksyon 5, ay sisitahin at pagsasabihan at itatala sa talaan ng Barangay upang magsilbing una nitong paglabag. Ang iba pang paglabag na nakasulat sa talata b) hanggang g) ay hindi nangangailangan ng kaukulang kaparusahan para sa unang paglabag dahil sa bigat nito,

SCAN ME

BACK

*Republic of the Philippines*
*Province of Cavite*
*CITY OF BACOOR*

*BARANGAY MOLINO IV*

b) **Pagbabayad ng Kaukulang Multa at Kaparusahan.**

1. Ang sino mang lumabag sa mga Ipinagbabawal na nakasaad sa naunang Artikulo mula talata b) hanggang g) ay kinakailangang magbayad ng multa na nagkakahalagang **Dalawang Daan at Limampung Piso (Php 250.00) o magsisilbi sa Barangay o *community service* na walang bayad na gagawin sa kabuuang total na apat (4) na oras** para sa unang paglabag nito at pangalawang paglabag naman para sa lumabag sa ipinagbabawal na nakasaad sa talata a);

2. Ang sino mang lumabas sa Ipinagbabawal na nakasaad sa naunang Artikulo mula talata b) hanggang g) sa pangalawang beses nitong paglabag ay kinakailangang magbayad ng multa na nagkakahalagang **Limang Daang Piso (Php 500.00) o *community service* na walang bayad na gagawin sa kabuuang total na walong (8) oras** at pangatlong paglabag naman para sa lumabag sa ipinagbabawal na nakasaad sa talata a);

3. Ang sino mang lumabas sa Ipinagbabawal na nakasaad sa naunang Artikulo mula talata b) hanggang g) sa pangatlong beses nitong paglabag ay kinakailangang magbayad ng multa na nagkakahalagang **Pitong Daan at Limampung Piso (Php 750.00) o *community service* na walang bayad na gagawin sa kabuuang total na labing dalawang (12) oras** at pang-apat na paglabag naman para sa lumabag sa ipinagbabawal na nakasaad sa talata a);

Ang lugar na pagsasagawaan ng *community service* ay base sa kung saan ito itatakda ng Chairman ng *Barangay Solid Waste Management Committee* (BESWMC) o ng awtorisadong *Focal Person* ng Komite.

4. Ang sino man na makailang beses at humigit na sa nakasaad dito ang ginawang paglabag ay i-eendorso na sa *City Environment Service Department* at maaari ding masampahan ng kaso base sa bigat ng paglabag.

SCAN ME

BACK

Republic of the Philippines
Province of Cavite
CITY OF BACOOR

BARANGAY MOLINO IV

**ARTIKULO VI.**

PROSESO NG PAGBABAYAD NG MULTA

SEKSYON 7. **Proseso ng Pagbabayad ng Multa at Kaparusahan.** Ang proseso ng pagbabayad ng multa at kaparusahan ay ang sumusunod:

a) Sino mang lumabag sa Ordinansang ito ay hindi maaaring bigyan ng *Barangay Clearance* hangga't hindi niya nababayaran ang kaukulang multa o hindi niya natatapos ang ilang oras ng kanyang *community service* sa Barangay.

b) Ang panahon ng pagbabayad sa kaukulang multa ay tatakbo sa loob ng limang (5) araw makatapos na matanggap nito ang *Environmental Citation Ticket* na ibinigay sa kanya.

k) Pagkatapos mabayaran, siya ay bibigyan ng *Official Receipt* (OR) bilang patunay sa pagbayad at kung ang napili ng lumabag ay *community service* dahil wala itong kakayahang magbayad, at natapos nito ang itinakdang oras ng pagsisilbi, ay bibigyan ito ng *Certificate of Compliance* bilang patunay na natapos nito ang nasabing pagseserbisyo sa Barangay.

d) Ang sino mang hindi sumunod sa mga proseso ng pagbabayad ng multa at kaparusahan ay mananagot sa batas.

**ARTIKULO VII.**

IMPLEMENTASYON

SEKSYON 8. **Implementasyon.** Ang Punong Barangay ay ang awtorisadong magsagawa ng mga pamamaraan sa pag-implementa nito sa Barangay sa pamamagitan ng mga sumusunod.

a) Bumuo at magtakda ng mga taong maaaring mag-implementa at magsagawa sa mga patakarang nakapaloob sa Ordinansang ito.

b) Ang mga maitatalaga ay nararapat na sumailalim sa pagsasanay o *Environmental Police Training* upang maging ligal ang pag-aresto at paghuli sa mga lalabag sa Ordinansang ito at maging awtorisado sa pag-issue ng *Environmental Citation Ticket*.

SCAN ME

BACK

Republic of the Philippines
PROVINCE OF CAVITE
City of Bacoor

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

*Republic of the Philippines*
*Province of Cavite*
*CITY OF BACOOR*

*BARANGAY MOLINO IV*

**NAPAGKAISAHANG PAGTIBAYIN AT IPINAGUUTOS** na mahigpit na ipinagbabawal ang pagkakalat at hindi tamang pamamaraan ng pagtatapon ng basura sa mga pampublikong lugar at lansangan na sakop ng Barangay Molino IV at sa iba pang lugar na nakasaad sa Ordinansang ito maging ang pagtatakda ng mga kaparusahan o multa sa mga lalabag dito

**PAGKAKAKILANLAN SUGNAY SA BATAS** ano mang probisyon ng ordinansang ito na labag sa kasalukuyang umiiral na batas o ordinansa ay mawawalan ng bisa subalit ang kabuoan ng ordinansa na hindi naman labag sa nasabing batas o ordinansa ay mananatiling may bisa at patuloy na ipatutupad

**PAHINTULUTANG MAGSUMITE** ng kopya ng ordinansang ito sa Sangguniang Panglunsod para masala, at magkaroon ng tamang disposisyon

**PANAHON NG KABISAHAN NG ORDINANSANG ITO** ang ordinansang ito ay magkakabisa alinsunod sa talata (b), Seksyon 59 ng Kodigo ng Lokal na Pamahalaan ng 1991 kung saan isinasaad dito na ang kalihim ng Sangguniang Barangay ang gagawa ng pagpapaskil ng ordinansang ito sa Barangay Hall sa dalawang (2) hayag na mga lugar ng hindi lalampas ng limang (5) araw makalipas na ito ay pagtibayin ng Sangguniang Panlungsod.

**SA PAMAMAGITAN NITO** ay pinatutunayan ko na wasto at tama ang ordinansang ito na pinagtibay at inaprubahan ng Sangguniang Barangay sa oras ng kanilang sesyon nung nakaraang ika-13 ng Pebrero 2024.

**Sofia M. Pardo**
*Kalihim ng Barangay*

Inaprubahan ni:

**Hon. Jeffrey P. Campana**
*Punong Barangay*

SCAN ME

BACK

Republic of the Philippines
Province of Cavite
CITY OF BACOOR

*BARANGAY MOLINO IV*

Sinang-ayunan ng mga sumusunod

**Hon. Jerry R. Sapanghila**
Barangay Kagawad

**Hon. Wilfredo V. Taning**
Barangay Kagawad

**Hon. Yolanda Sarte-Jocson**
Barangay Kagawad

**Hon. Rinaldy S. Remulla**
Barangay Kagawad

**Hon. Efren B. Arcos**
Barangay Kagawad

**Hon. Lourdes L. Cas**
Barangay Kagawad

**Hon. Teofilo T. Rendal Jr.**
Barangay Kagawad

**Hon. Palm Angel S. Buncio**
SK Chairperson

SCAN ME

BACK